Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
30 JUL 2026
CTRL No.: 2026-07-370 wp

*Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan*

30 Hulyo 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 370 s. 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Sa: Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng CID at OIC-PSDS
Mga Pinuno ng Bawat Tanggapan
Lupon ng Wikang Filipino
Lahat ng Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatadhana ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto, at bilang pakikiisa sa pagsusulong ng wikang Filipino bilang wika ng pagkakaisa, kaalaman, at pambansang pagkakakilanlan, ang Tanggapang Pansangay ng Lunsod Iriga ay patuloy na nakikiisa sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2026** na may temang: **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon."**

2. Kaugnay nito, isang **pasinaya** ang **sabay-sabay na gagawin sa lahat ng paaralan** upang opisyal na buksan ang selebrasyon ng Buwan ng Wikang Pambansa at mahikayat ang lahat ng kawani at mga mag-aaral na aktibong makiisa sa iba't ibang gawaing magpapayabong sa paggamit, pagpapahalaga, at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya.

3. Ang pasinaya ay simpleng gagawin kasabay ng pagtataas ng watawat na maaaring binubuo ng sumusunod:

- *Pagpapakilala sa tema ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026* - *Filipino Koordineytor ng Paaralan*
- *Pagbasa ng mensahe ng Schools Division Superintendent* - *Punong-guro ng Paaralan*
- *Panunumpa ng pakikiisa sa pagdiriwang* -*Pangulo ng Student Governing Council*

4. Hinihikayat ang lahat ng opisyal, kawani at guro na magsuot ng kasuotang Filipino o kasuotang may disenyong Pilipino sa lahat ng Lunes ng buwan ng Agosto bilang pagpapakita ng suporta sa pagdiriwang.

5. Samantala, binibigyang-diin na ang anumang paligsahang gagawin tulad ng likhawento (Baitang 1-3), tahirawan (Baitang 4-6), dokyuwento (Baitang 7-12) at katulad nito ay gagawin lamang sa loob ng silid-aralan nang hindi naaapektuhan ang oras ng pagtuturo.

6. Inaatasan ang lahat ng pampublikong elementarya at sekundaryang paaralan na magpasa ng collage na larawan ng nasabing pasinaya kasabay ng pagpapaskil ng mga

tarpaulin, streamer, o tematikong dekorasyon sa kanilang paaralan bilang pakikiisa sa pagdiriwang.

7 Para sa kaukulang kaalaman at mahigpit na pagtalima.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

Sanggunian: RM No.00965, s. 2026

*SPK: JVT:ros/ 07302026*


Sto. Domingo, Lungsod Iriga
iriga.city@deped.gov.ph

*Kalakip 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 370, 2026 re: Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026*

# PANUNUMPA NG PAKIKIISA

## Buwan ng Wikang Pambansa 2026

Ako ay buong pusong nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Taos-pusong kong pahahalagahan, gagamitin, at patuloy na pauunlarin ang wikang Filipino bilang wika ng pagkakaisa, edukasyon, pananaliksik, at pambansang identidad.

Gagamitin ko ang makabagong teknolohiya, kabilang ang Artificial Intelligence, nang may pananagutan, integridad, at paggalang sa katotohanan upang higit na mapalawak ang aking kaalaman at maitaguyod ang de-kalidad na edukasyon.

Isasabuhay ko ang wastong paggamit ng wikang Filipino sa aking pananalita, pagsusulat, at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.

Makikiisa ako sa lahat ng gawaing magpapayabong sa ating pambansang wika at kultura para sa kapakinabangan ng kasalukuyan at ng susunod na salinlahi.

Ito ang aking taimtim na panata.

Mabuhay ang Wikang Filipino!

Mabuhay ang Pilipinas!

*Kalakip 2 sa Memorandum Pansangay Blg. 370, 2026 re: Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026*

## MENSAHE NG SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT

### Buwan ng Wikang Pambansa 2026

Isang mapagpalang umaga sa ating lahat!

Sa ating pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026, ating binibigyang-pugay ang wikang Filipino bilang puso ng ating pagkakakilanlan at salamin ng ating kasaysayan, kultura, at mga mithiin bilang isang bansa.

Ang tema ngayong taon, "**Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon,**" ay nagpapaalala na sa pag-unlad ng teknolohiya, lalo na ng Artificial Intelligence, higit na lumalawak ang ating kakayahang matuto, magsaliksik, at makalikha ng bagong kaalaman.

Subalit tandaan natin na ang teknolohiya ay isang kasangkapan lamang. Ang tunay na lakas nito ay nakasalalay sa taong gumagamit nito—sa kaniyang karunungan, pagkamalikhain, integridad, at pagmamahal sa katotohanan. Bilang mga lingkod ng edukasyon, tungkulin nating gamitin ang AI nang responsable at etikal upang higit pang mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang wikang Filipino ay nananatiling mahalagang tulay sa paglinang ng mapanuring pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at makabuluhang komunikasyon. Sa pamamagitan nito, mas nagiging malapit ang kaalaman sa ating mga mag-aaral at mas naipapasa natin ang ating mga pagpapahalaga at kultura.

Inaanyayahan ko ang bawat kawani, guro, at mag-aaral ng Schools Division Office of Iriga City na maging aktibong kabahagi ng lahat ng gawain sa buong buwan ng Agosto. Sama-sama nating ipakita na ang wikang Filipino ay hindi lamang ginagamit sa loob ng silid-aralan kundi isinasabuhay sa ating araw-araw na paglilingkod at pakikipagkapwa.

Nawa'y maging inspirasyon ang pagdiriwang na ito upang higit nating mahalin, gamitin, at paunlarin ang ating pambansang wika habang buong husay nating niyayakap ang mga makabagong teknolohiyang magsisilbi sa ikauunlad ng edukasyon.

Maraming salamat at mabuhay ang Wikang Filipino!

Mabuhay ang Schools Division Office of Iriga City!

Mabuhay ang Pilipinas!